

## Guro ng Pilipinas

Ang madaling-araw ay madaliang  
paghahanda ng agahan  
pagpapamadali sa anak  
at asawang sasabayan  
at bilin sa mga maiiwan  
at pagsinop sa mga aklat  
at lesson plan, at chalk at panulat  
at record, at visual aid, at water jug  
at corrected test paper, at toothbrush  
at kanin at ulam, at ano pa ba ang nalimutan  
Pakikipag buno sa traffic ang paglabas ng bahay  
Pakikipag-unahan sa pagsikat ng araw  
ang araw-araw, may araw man o umuulan  
Madadatnan ang ibang kabaro na pinaplantsa ng kamay  
ang unipormeng nilapastangan  
ng pag-uunahang makarating sa paroroonan  
upang makapag-unat sa gusot ng buhay  
Ang iba ay aligaga, ang iba ay plastarna't handa:  
nagreretoke ng make-up pati na ng lesson  
nakikisubo ng baon at paalaala ng principal  
nagsasawata ng mag-aaral at text ng naniningil  
habang ang lahat ay naghahanda dahil  
ihinahanda ang mga paslit o dalagita o nagbibinata  
upang maging matibay sa pagharap  
sa kanilang kinabukasang kay hirap matiyak

At sa isang kumpas, ang lugar ay simponiya ng kaalaman  
at kakulangan sa kagamitan sa pag-aaral

Enrolment ay nagbubuntis, tiyaga ay kailangang kumapit  
Pati baha ay pumapasok, hirap palabasin ng mga lamok  
Nagkukulang ang aklat, mga aaralin ay bumibigat  
Dumarami ang trabaho, parang kumakaunti ang sweldo  
Di dumating ang supply, may ipinapagawa ang barangay  
Sira ang electric fan, walang tubig sa palikuran  
Ano ba yan?  
Pati estudyanteng walang makain, pasan nila pa rin  
At kailangang lunasan din, pati na gurlisan nilang puso  
Nakupo,  
Nakupo, ganyan ang maging guro  
sa isang bayang nag-aaral ding  
lutasin ang sariling ikagagaling

Kayat bubong man ay may butas,  
may pantapal namang pagsisikap  
Pagkat siya'y guro, wala sa bokabularyo  
ang salitang pagsuko

Laging may ngiti, laging nagpupunyagi  
Laging may halakhak, laging nasisipag  
Laging presentable, laging maka-estudyante  
Laging malinis, laging may puwang ang pagtitiis  
Laging mapagkumbaba, laging isip ang kapwa  
Mahinanon, masungit man ang panahon  
Maaasahan, mayroon mang dinaramdam  
May dapat isagawa, walang puwang ang luha

Pagkat siya ay isang guro sa isang panahong  
tuwina'y kailangang maagang bumangon  
upang harapin ang bawat hamon  
ng pinakadakilang propesyon.

Ang madaling gabi'y pinagkasyang hapunan  
pagsasaluhan kasama ng di maubos na kumustahan  
at halakhak, at pagtuturong muli, ngayon nama'y sa anak;  
pagkwenta ng mga gastusin, pagdukot nang malalim  
habang ang gabi'y lumalalim din at tahimik na naninimdim  
Ang balita sa telebisyon ay sigalot dito at sa ibang bayan  
kaya ka nga nagturo upang makapag-ambag man lamang  
umaayos ang takbo ng lipunan, pati na ang sariling buhay  
Ilalapat ang katawang hapo at muling mangako at tutuparin  
sinumpaang tungkulin; upang bukas, masigla na naman;  
payapang mananaginip ng magandang kinabukasan  
ngunit madaling mapapangiti sa simpleng pagbati:  
isang good morning, sir o mam  
ngunit higit ang kilig kung may tatawag  
sa isang guro manghamak:  
How are you po, Guro ng Pilipinas  
At ang gabi'y nagniningning sa bitui't bulaklak

Reuel Molina Aguila  
4 Oktubre 2017

*The poem was written by renowned poet, lyricist, scriptwriter and playwright, Professor Reuel Molina Aguila to commemorate the celebration of World Teachers Day at the request of Education Undersecretary Alain Pascua. Professor Aguila “..has received numerous awards, including but not limited to Dangal ng Wikang Filipino, Makata ng Taon (2008), Manananaysay ng Taon (2007), Life-time Achievement-GawadPambansangAlagadniBalagtas (2004) and ten Palanca Awards in different categories, which qualified him for the Palanca Hall of Fame, into which he was inducted in 2009. He teaches creative writing at the University of the Philippines, Diliman.”*